# 児童の権利に関する条約

# タガログ語

# PANDAIGDIGANG KOMBENSYON NG KARAPATANG PAMBATA
## (The Convention on the Rights of the Child)
### Ipinasa ng UN General Assembly
### 20 November 1989

## PANIMULA

*Ang mga Estadong Panig sa kasalukuyang Kombensiyon* –

*Isinasaalang-alang* na, alinsunod sa mga patakarang ipinahayag sa Karta ng mga Bansang Nagkakaisa, ang pagkilala sa likas na karangalan at sa pantay at di- maikakait na mga karapatan ng lahat ng mga nabibilang sa angkan ng tao ay siyang saligan ng kalayaan, katarungan at kapayapaan sa daigdig.

*Isinasaisip* na pamuling pinagtibay sa Karta ng mga mamamayan ng mga Bansang Nagkakaisa ang kanilang pananalig sa mga pangunahing karapatang pantao at sa karangalan at kahalagahan ng katauhan, at nagpasiyang itaguyod ang kaunlarang panlipunan at higit na mabuting pamantayan ng buhay sa lalong malawak na kalayaan.

*Kinikilala* na ang mga Bansang Nagkakaisa ay nagpahayag at nagkasundo sa Pandaigdig na Pahayag ng mga Karapatang Pantao at sa Pandaigdig na mga Kasunduan sa mga Karapatang Pantao, na ang bawat tao ay karapat-dapat sa lahat ng karapatan at kalayaang napapaloob doon, nang walang anumang uri ng pagtatangi-tangi, gaya ng lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, kuru-kurong pampulitika o iba pa, pinagmulang bansa o lipunan, ari-arian, kapanganakan o iba pang katayuan,

*Naaalaala* na, sa Pandaigdig na Pahayag ng mga Karapatang Pantao, ang mga Bansang Nagkakaisa ay nagpahayag na ang kabataan ay may karapatang tumanggap ng natatanging kalinga at tulong,

*Nahikayat* na ang pamilya, bilang pangunahing pangkat ng lipunan, at bilang likas na kapaligiran para sa kaunlaran at kagalingan ng lahat ng mga kasapi nito at lalo na ang mga bata, ay dapat madulutan ng kinakailangang proteksiyon at tulong upang magampanan nito ang kanyang mga tungkulin sa loob ng pamayanan,

*Kinikilala* na ang bata ay nararapat lumaki sa isang kapaligiran ng pamilya, na napapaloob ng kasiyahan, pag-iibigan at pagkakaunawaan tungo sa ganap at kaaya-ayang kalinangan ng kanyang katauhan,

Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

## PANIMULA

*Ang panimula ay nagbabalik-tanaw sa mga payak na prinsipyo ng mga nagkakaisang bansa at sa mga konkretong probisyon sa mga mahahalagang kasunduan tungkol sa karapatang pantao. Ito ay nagpapatibay muli na ang mga bata, dahil sa kanilang kahinaan ay nangangailangan ng kalinga at proteksiyon at ito'y nakapaloob sa pangunahing pangangalaga at responsibilidad ng pamilya. Ganoon din, pinagtitibay rin nitong muli ang pangangailangang legal at proteksiyon bago at makaraang isilang ang sanggol, ang pagpapahalaga at paggalang sa kanilang kultura at lahi na kanilang kinamulatan, at ang mahalagang papel ng pandaigdigang pagtutulungan sa pagbibigay proteksiyon sa mga kaapatang pambata.*

---

Pagsasalinwika ng
**Di Opisyal na Buod**
isinagawa ng
Children's Laboratory for Drama In Education, Foundation
sa pakikipagtulungan sa
Save the Children - UK, Philippine Field Office,
sa
Council for the Welfare of Children,
at UNICEF

**August 1996**

*Isinasaalang-alang* na ang bata ay kinakailangang ganap na maihanda upang makapamuhay nang nagsasarili sa lipunan, at lumaki sa diwa ng mga pamantayang ipinahayag sa Karta ng mga Bansang Nagkakaisa, at lalo na sa diwa ng kapayapaan, karangalan, pagpaparaya, pagkakapantay at pagkakabubuklod,

*Isinasaisip* na ang kinakailangang pagdudulot ng natatanging kalinga sa bata ay ipinahayag sa 1924 Pahayag sa Geneva ng mga Karapatan ng Bata at sa Pahayag ng mga Karapatan ng Bata na ipinagtibay ng Pangkalahatang Asemblea noong ika-20 ng Nobyembre 1950 at pinahalagahan sa Pandaigdig na Pahayag ng mga Karapatang Pantao, sa Pandaigdig na Kapulungan sa mga Karapatang Sibil at Pampulitika ( lalo na sa mga Artikulo 23 at 24), sa Pandaigdig na Kasunduan sa mga Karapatang Pangkabuhayan, Panlipunan at Pangkalinangan (lalo na sa Artikulo 10) at sa mga batas at magkakaugnay na instrumento ng mga natatanging ahensya at mga organisasyong pandaigdig na nagsasaalang-alang sa mga kapakanan ng mga bata,

*Isinasaisip* na gaya ng sinasaad sa Pahayag ng mga Karapatan ng Bata, "ang bata, dahil sa kamuraan ng kanyang katawan at kaisipan, ay nangangailangan ng natatanging pag-iingat at kalinga, pati na ang nararapat na proteksyon ng batas, bago at makaraang isilang,"

*Naaalala* ang mga tadhana ng Pahayag sa mga Patakarang Panlipunan at Pambatas na nauukol sa Proteksyon at Kapakanan ng mga Bata, na may Natatanging Pagbanggit sa Paghahanap ng Mag-aampon at Pag-aampong Pambansa at Pandaigdig, ng mga Tuntunin sa Minimum sa Pamantayan ng mga Bansang Nagkakaisa para sa Pangangasiwa ng Katarungang Pangkabataan (Ang mga Tuntuning Beijing), at ng Pahayag sa Proteksyon ng mga Kababaihan at mga Bata sa Kagipitan at Armadong Labanan,

*Kinikilala* na, sa lahat ng mga bansa sa daigdig, mayroong mga batang nabubuhay sa mga di-pangkaraniwang kahirapan, at dahil doon ang mga bata ay nangangailangan ng natatanging pagsasaalang-alang,

*Nagsasaalang-alang* sa kahalagahan ng mga tradisyon at pagpapahalagang pangkultura ng bawat lahi para sa proteksyon at kaaya-ayang kalinangan ng bata,

*Kumikilala* sa kahalagahan ng pandaigdig na pagtutulungan para sa pagpapabuti ng kalagayan ng pamumuhay ng mga bata sa bawat bansa, lalo na sa mga umuunlad na bansa,

*Ay nagkasundo* sa mga sumsusunod:

## UNANG BAHAGI

**Artikulo 1**

Para sa mga layunin ng kasalukuyang Kombensiyon, ang tinutukoy na bata ay yaong wala pang labingwalong taong gulang, maliban, kung alinsunod sa batas na sumasaklaw sa bata, ang hustong gulang ay higit na maagang natatamo.

**Kahulugan ng Bata**

*Ang bata ay sinumang may edad na wala pang labing walo (18), maliban na lamang kung ang pambasang batas ay kumikilala sa mas mababang edad ng nakararami.*

**Artikulo 2**

1. Dapat igalang at tiyakin ng mga Estadong Panig ang mga karapatang ipinahayag sa kasalukuyang Kombensiyon sa bawat bata sa loob ng kanilang kinasasakupan nang walang anumang uri ng pagtatangi - tangi, nang di-isinasaalang alang ang lahi, kulay, kasarian, wika, relihiyon, kuro-kurong pampulitika o iba pa, katutubo o lipunang pinagmulan, ari-arian, kapansanan, kapanganakan o iba pang katayuan ng bata o ng kanyang mga magulang.

2. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng mga nararapat na hakbang upang matiyak na ang bata ay napapangalagaan laban sa lahat ng uri ng pagtatangi-tangi o parusa batay sa katayuan, mga gawain, mga pahayag na kuru-kuro, o mga paniniwala ng mga magulang ng bata, mga legal na tagapag-alaga, o mga kasapi ng pamilya.

**Walang Diskriminasyon**

*Ang lahat ng karapatan ay para sa lahat ng bata nang walang pasubali. Ito ay obligasyon ng Estado na protektahan ang lahat ng bata sa lahat ng uri ng diskriminasyon at magbigay ng positibong hakbang/aksyon para sa kanilang karapatan.*

**Artikulo 3**

1. Ang pinakamabuting kapakanan ng bata ang siyang pangunahing isasaalang-alang sa lahat ng aksyong nahihinggil sa mga bata, isinasagawa man ng publiko o pribadong institusyon para sa kagalingang panlipunan, mga hukuman ng batas, mga may kapangyarihang pangasiwaan o batasan.

2. Titiyakin ng mga Estadong Panig ang proteksiyon at pangangalagang kinakailangan ng bata sa kanyang katauhan, na magsasaalang-alang sa mga karapatan at katungkulan ng kanyang mga magulang, mga legal na

**Para sa Kapakanan ng Bata**

*Ang lahat ng hakbang na may kinalaman sa bata ay may pananagutan para sa kanyang kapakanan. Ang Estado ang siyang tutugon ng sapat na pangangailangan ng bata kung ang mga magulang o ang mga tagapag-alaga ay mabigong maibigay ang mga ito.*

Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

tagapag-alaga, o iba pang tao na may legal na katungkulan sa kanya, at, sa layuning ito, ay dapat isagawa ang lahat ng nararapat na mga hakbang na pambatas at pampangasiwaan.

3. Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig na ang mga institusyon, mga lingkuran at mga pasilidad na may pananagutan sa proteksiyon o pangangalaga ng mga bata ay sasang-ayon sa mga pamantayang itinatag ng mga may kakayahang awtoridad, lalo na sa mga larangan ng kaligtasan, kalusugan, sa bilang at kaangkupan ng kanilang mga tauhan, at kakayahang mangasiwa.

**Artikulo 4**

Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng nararapat na hakbang pambatasan, pampangasiwaan, at iba pang hakbang sa pagpapatupad ng mga karapatang kinikilala sa kasalukuyang Kombensyon hinggil sa mga karapatang pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig yaong mga hakbang sa abot ng kanilang kakayahan at, kung kinakailangan, sa loob ng balangkas ng pandaigdig na pagtutulungan.

**Pagsasagawa ng mga Karapatan**

*Ang Estado ay dapat magsagawa ng hakbang upang ang lahat ng karapatang nakapaloob sa kombensyon ay maisakatuparan.*

**Artikulo 5**

Dapat igalang ng mga Estadong Panig ang pananagutan, karapatan at mga katungkulan ng mga magulang o, at sa nararapat, ng mga kamag-anakan o pamayanan na itinakda ng pampook na kaugalian, ng mga legal na tagapag-alaga o ng iba pang taong may legal na katungkulan sa bata, upang maglaan, sa paraang naaayon sa mga umiiral na kakayahan ng bata, nararapat na direksyon at pamamatnubay sa paggamit ng bata ng mga karapatang kinikilala sa kasalukuyang Kombensyon.

**Ang patnubay ng Magulang at ang Kakayahang Umuusbong ng bata.**

*Ang Estado ay dapat gumalang sa karapatan at responsibilidad ng mga magulang at ng buong pamilya sa pagbibigay ng gabay sa bata ayon sa kanyang nagbabago/umusbong na kakayahan at kaalaman.*

**Artikulo 6**

1. Kinikilala ng mga Estadong Panig na ang bawat bata ay nagtataglay ng di-makakait na karapatan sa buhay.

**Kaligtasan at Kaunlaran**

*Bawat bata ay may likas na karapatan para mabuhay, at ang Estado ay may obligasyon na tiyaking ang bata ay mabuhay at umunlad.*

2. Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig sa abot ng kanilang kakayahan ang kaligtasan at kaunlaran ng bata.

**Artikulo 7**

1. Ang bata ay kagyat na ipatatala pagkaraang isilang at dapat magkaroon ng karapatan mula sa nasabing pagsilang sa pangalan, sa pagkamamamamayan at, hangga't maaari, karapatang makilala at maalagaan ng kanyang mga magulang.

2. Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig ang pagpapatupad ng mga karapatang ito sang-ayon sa kanilang pambansang batas at kanilang mga pananagutan alinsunod sa may kaugnayang mga pandaigdig na instrumento sa larangang ito, lalo na kung ang bata ay mawawalan ng pagkamamamayan.

**Artikulo 8**

1. Igagalang ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata na mapanatili ang kanyang pagkakakilanlan, pati ang pagkamamamayan, pangalan at kamag-anakan na ayon sa pagkakakilala ng batas nang walang labag sa batas na pakikialam.

2. Kapag ang isang bata ay di-makatarungang pinagkaitan ng ilan o lahat ng sangkap ng kanyang pagkakakilanlan, dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang nararapat na tulong at proteksyon, upang mabilis na maitatag muli ang kanyang pagkakakilanlan.

**Artikulo 9**

1. Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig na ang bata ay hindi mahihiwalay sa kanyang mga magulang nang laban sa kanilang kagustuhan, maliban kung itinatalaga ng mga karapat-dapat na kinauukulan sa ilalim ng pagsusuri ng hukuman, alinsunod sa nakasasaklaw na batas at mga pamamaraan, na ang gayong paghihiwalay ay

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

**Pangalan at Lahi**

*Ang bawat bata ay may karapatang mabigyan ng pangalan sa sandaling siya ay maisilang. Ang bata ay mayroon ding karapatan na magkaroon ng lahi, at hanggat maaari, mabigyan ng karapatang makilala at maalagaan ng kanyang mga magulang.*

**Pag-iingat ng Pagkakakilanlan**

*Ang Estado ay may obligasyon na protektahan at kung kinakailangan muling maitatag ang pangunahing aspeto ng pagkakakilanlan ng bata tulad ng pangalan, lahi at ugnayang pampamilya.*

**Pagkahiwaly sa Magulang**

*Karapatan ng bata ang mamuhay kasama ng kanyang mga magulang maliban kung ang mga ito ay napatunayang di makakatulong sa kapakanan ng bata. Kung hiwalay ang kanyang mga magulang, karapatan ng bata na mapanatili ang ugnayan sa alinman sa isa o parehong magulang.*

kinakailangan para sa pinakamabuting kapakanan ng bata. Ang gayong pagtatalaga ay maaaring kinakailangan lalo na sa mga kalagayan na gaya ng isang kinasasangkutan ng pagmamalabis o pagwawalang-bahala sa bata ng mga magulang, o kung ang mga magulang ay namumuhay nang magkahiwalay at kailangan pagpasiyahan kung saan titira ang bata.

2. Sa anumang pagdinig na naaalinsunod sa unang talata ng kasalukuyang artikulo, ang lahat ng interesadong panig ay bibigyan ng pagkakataong makalahok sa nasabing pagdinig at maihayag ng kanilang kuru-kuro.

3. Dapat igalang ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata na hiwalay sa isa o kapwa mga magulang upang mapanatili ang kanyang regular na personal at tuwirang ugnayan sa kapwa mga magulang, maliban na lamang kung iyon ay salungat sa pinakamabuting kapakanan ng bata.

4. Kung ang gayong paghihiwalay ay bunga ng aksyong pinasimulan ng isang Estadong Panig, gaya ng detensyon, pagkapiit, pagpapatapon, deportasyon o kamatayan (pati kamatayang bunga ng anumang kadahilanan habang ang tao ay nasa pag-iingat ng Bansa) ng isa o kapwa magulang, o ng bata, ang Estadong Panig na iyon, sa pamamagitan ng paghiling, ay dapat maglaan sa mga magulang, o ng bata o, kung kinakailangan, sa ibang miyembro ng pamilya na may makabuluhang impormasyon ukol sa kinalalagyan ng nawawalang miyembro (mga miyembro) ng pamilya maliban kung ang patakaran ng impormasyon ay makasasama sa kabutihan ng bata. Dapat tiyakin pa ng mga Estadong Panig na ang pagharap ng gayong kahilingan ay hindi nagbubunga ng masamang kahihinatnan para sa kinauukulang tao (mga tao).

**Artikulo 10**

**Muling Pagsama sa Pamilya**

*Karapatan ng bata at magulang na umalis at pumasok sa alinmang bansa na kanyang naisin para sa pagpapanatili ng ugnayan at matibay na relasyon ng anak at magulang*

1. Alinsunod sa mga pananagutan ng mga Estadong Panig ayon sa artikulo 9, talata 1, ang paghiling ng isang bata o ng kanyang mga magulang na pumasok o umalis sa isang Estadong Panig sa layuning muling makasama ang kanyang pamilya ay pag-uukulan ng mga Estadong Panig sa isang positibo, makatao at mabilis na kaparaanan. Dapat lalong tiyakin ng mga Estadong Panig na ang

paghaharap ng gayong kahilingan ay hindi magbubunga ng masamang kahihinatnan para sa mga humihiling at para sa mga miyembro ng kanyang pamilya.

2. Ang bata na ang mga magulang ay naninirahan sa magka-ibang mga Estado ay may karapatang mapanatili nang regular maliban lamang sa di-pangkaraniwang pagkakataon, ang kanyang personal at tuwirang ugnayan sa kapwa magulang. Sa gayong kalagayan at alinsunod sa mga pananagutan ng mga Estadong Panig ayon sa artikulo 9, talata 2, dapat igalang ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata at ang kanyang mga magulang na umalis sa alinmang bansa, pati sa kanilang sariling bansa, at pumasok sa kanilang sariling bansa. Ang karapatang umalis sa alinmang bansa ay sasailalim lamang sa gayong mga katakdaan na gaya ng mga itinadhana ng batas at kinakailangan upang pangalagaan ang pambansang seguridad, kaayusang pambayan (odre public), kalusugang pambayan o mga moral o mga karapatan at mga kalayaan ng iba naaayon sa iba pang mga karapatang kinikilala ng kasalukuyang Kombensyon.

**Artikulo 11**

**Labag na Paglipat at Di-pagbalik**

*Ang Estado ay may obligasyon na pigilan at sugpuin ang pagkidnap at pag-iiwan ng mga bata sa labas ng bansa ng sariling magulang o ng sinuman.*

1. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang mga hakbang upang masugpo ang bawal na paglilipat at di-pagbabalik ng mga bata mula sa ibang bansa.

2. Tungo sa layuning ito, dapat itaguyod ng mga Estadong Panig ang pagkakaroon ng dalawahan o maramihang kasunduan o pagsang-ayon sa mga umiiral na kasunduan.

**Artikulo 12**

**Opinyon ng Bata**

*Karapatan ng bata na maipahayag ng malaya ang kanyang sariling kuru-kuro at bigyang-pansin ang mga ito lalo na sa mga bagay na makaaapekto sa kanya.*

1. Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig sa mga bata na may kakayahan sa pagbuo ng kanyang sariling kuru-kuro ang karapatan sa malayang pagpapahayag ng mga kuru-kurong iyon sa lahat ng bagay na makakaapekto sa bata, na ang mga kuru-kuro ng bata ay binibigyang - pansin ayon sa gulang at kahustuhang isip ng bata.

Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

2. Sa layuning ito, dapat pagkalooban ang bata ng tanging pagkakataon upang madinig sa alinmang pagdinig na panghukuman at pampangasiwaan na nakakaapekto sa bata, tuwiran man, o sa pamamagitan ng isang kinatawan o isang nararapat na lupon, sa pamamaraang naaayon sa mga tuntunin ng pambansang batas.

**Artikulo 13**

**Malayang Pagpapahayag**

*Karapatan ng bata na maipahayag ang kanyang pananaw o opinyon, makakuha ng sapat na impormasyon o maipaalam ang mga impormasyon na ito sa anumang pamamaraan.*

1. Ang bata ay dapat magkaroon ng karapatan sa kalayaan ng pagpapahayag; ang karapatang ito ay sumasaklaw sa karapatan na maghanap, tumanggap at magbigay ng impormasyon at mga idea sa lahat ng uri, na hindi isinasaalang-alang ang mg hanggahan, pasalita man, pasulat o palimbag, sa anyo ng sining o sa pamamagitan ng alinmang ibang pamamaraan ng pambata.

2. Ang paggamit sa karapatang ito ay maaaring sumailalim sa ilang katakdaan, ngunit ang mga ito'y mangyayari lamang sang-ayon sa mga itinadhana ng batas at kung kinakailangan:

   (a) Sa paggalang ng mga karapatan o karangalan ng iba; o

   (b) Sa pangangalaga ng pambansang seguridad o kaayusang bayan (odre public); o ng kalusugan o mga moral pambayan.

**Artikulo 14**

**Malayang Pag-iisip, (Budhi) Konsensiya at Relihiyon**

*Dapat igalang ng Estadong Panig ang karapatan ng bata sa malayang pag-iisip, konsensiya at relihiyon sa angkop na pagpapatnubay ng magulang*

1. Dapat igalang ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata sa malayang pag-iisip, budhi at relihiyon.

2. Dapat igalang ng mga Estadong Panig ang mga karapatan at mga tungkulin ng mga magulang at, kung maaari , mga legal na tagapag-alaga na magkaloob ng direksyon sa bata sa paggamit ng kanyang karapatan sa paraang naaayon sa mga umiiral na kakayahan ng bata.

3. Ang kalayaang maipahayag ang relihiyon o paniniwala ng isang tao ay maaaring sumailalim lamang sa gayong mga katakdaan ayon sa itinadhana ng batas at kung kinakailangan upang mapangalagaan ang kaligtasan,

kaayusan, kalusugan o mga moral pangmadla o mga pangunahing mga karapatan at mga kalayaan ng kapwa.

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

### Artikulo 15

1. Dapat kilalanin ng mga Estadong Panig ang mga karapatan ng bata sa kalayaan sa asosasyon at sa matahimik na pagtitipon.

2. Walang mga pagtatakda na maaaring ilagay sa paggamit ng mga karapatang iyon, maliban doon sa ipinapataw sa pag-alinsunod sa batas at kinakailangan sa isang demokratikong lipunan sa kapakanan ng pambansang seguridad o kaligtasang pambayan,kaayusang pambayan (odre public), pangangalaga ng kalusugan o mga moral pambayan o mga pangangalaga ng karapatan at mga kalayaan ng iba.

### Malayang Pakikisalamuha

*Ang mga bata ay may karapatan na makisalamuha sa iba at sumali o bumuo ng mga samahan.*

### Artikulo 16

1. Walang bata ang sasailalim sa di-makatarungan at labag sa batas na panghihimasok sa kanyang pag-iisa, pamilya, tahanan o korespondensya, ni sa labag sa batas na pagtuligsa sa kanyang karangalan at pangalan.

2. Ang bata ay may karapatan sa pangangalaga sa batas laban sa gayong mga panghihimasok o panunuligsa.

### Proteksyon sa Pag-iisa

*Ang mga bata ay may karapatan sa proteksyon laban sa panghihimasok sa kanyang pag-iisa, pamilya, tahanan o korespondensiya at laban sa libelo o pagtutuligsa sa kanyang karangalan o pangalan. Maproteksyonan laban sa paninirang-puri sa pamamagitan ng pagsusulat at/o panunuligsa sa kanyang karangalan o pangalan.*

### Artikulo 17

Dapat kilalanin ng mga Estadong Panig ang mahalagang tungkuling ginagampanan ng mass media at dapat tiyakin na ang bata ay may karapatan sa impormasyon at kagamitan mula sa iba't ibang pambansa at pandaigdig na pinagkukunan, lalung-lalo na roon sa naglalayong itaguyod ang kanyang kagalingang panlipunan, espiritwal at moral at kalusugang pisikal at mental. Sa layuning ito, ang mga panig na Estado ay dapat:

### Pag-abot sa Angkop na Impormasyon

*Dapat tiyakin ng Estado na ang mga bata ay makaaabot ng angkop na impormasyon at kagamitan mula sa iba't ibang pagmumulan at siya ring maghikayat sa mass media na palaganapin ang impormasyon na may kapakinabangang panlipunan at pangkutura, sa mga bata at gumawa ng hakbang upang protektahan ang bata sa nakapipinsalang babasahin o panoorin*

(a) Humikayat sa mass media na ipalaganap ang impormasyon at kagamitang may kapakinabangang panlipunan at pangkalinangan sa bata at ayon sa diwa ng artikulo 29;

(b) Humikayat sa pandaigdig na pakikipagtulungan sa produksyon, pagpapalitan at pagpapalaganap ng gayong impormasyon at kagamitan mula sa iba't ibang mapagkukunanang pangkalinangan, pambansa at pandaigdig;

(c) Humikayat sa produksyon at pagpapalaganap ng mga aklat na pambata.

(d) Humikayat sa mass media na magkaroon ng natatanging pagsasaalang-alang sa mga pangangailangang linggwistiko ng bata na nabibilang sa minoryang pangkat o sa isang katutubo;

(e) Humikayat sa pagpapaunlad ng nararapat na patnubay sa pangangalaga ng bata mula laban sa impormasyon at kagamitang nakapipinsala sa kanyang kagalingan, na isinasaalang-alang ang mga tadhana ng mga artikulong 13 at 18.

**Artikulo 18**

1. Dapat pagsikapan ng mga Estadong Panig na makilala ang patakaran na ang kapwa magulang ay may magkatulad na pananagutan sa pagpapalaki at paglinang sa bata. Ang mga magulang o kaya ang mga legal na tagapag-alaga ay may pangunahing pananagutan sa pagpapalaki at paglinga sa bata. Ang mga pinakamabuting kapakanan ng bata ay siya nilang pangunahing isasaalang-alang.

**Responsibilidad ng mga Magulang**

*Ang mga magulang ay kapuwa may pangunahing pananagutan sa pagpapalaki ng bata at ang Estado ay dapat maglaan ng nararapat na tulong sa mga magulang sa pagpapalaki ng bata.*

2. Sa layuning matiyak at mapalaganap ang mga karapatang itinadhana sa kasalukuyang Kombensyon, dapat ilaan ng mga Estadong Panig ang nararapat na tulong sa mga magulang at sa mga legal na tagapag-alaga sa kanilang pagganap sa mga pananagutan sa pagpapalaki sa bata at dapat tiyakin ang pagpapaunlad ng mga institusyon, mga pasilidad at mga paglilingkod ukol sa pagkalinga ng bata.

3. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng nararapat na mga hakbang upang tiyakin na ang mga anak ng mga namamasukang magulang ay may karapatang makinabang sa mga paglilingkod at mga pasilidad na nararapat sa kanila.

### Artikulo 19

1. Dapat isaalang-alang ng mga Estadong Panig ang lahat ng nararapat na mga hakbang na pambansa, pampangasiwaan, panlipunan at pang-edukasyon upang mangalaga sa bata sa lahat ng uri ng pisikal o mental na karahasan, sakuna o pagmamalabis, pagkaligta o pagkawalang-bahalang pakikitungo, masamang pakikitungo o pagsasamantala, pati pagsasamantalang sekswal, habang nasa pagkalinga ng magulang o mga magulang, legal na tagapag-alaga o mga tagapag-alaga o iba pang tao na kumakalinga sa bata.

2. Ang gayong mga hakbang sa pangangalaga, gawa ng nararapat, ay kailangang kapalooban ng mabisang paraan ng patatatag ng mga palatuntunang panlipunan upang maglaan ng mga kinakailangang panaguyod para sa bata at para roon sa kumakalinga sa bata, pati rin doon sa iba pang uri ng pag-iingat at pagkilala, pag-uulat, pagsasangguni, pagsisiyasat, pakikitungo at pagsunod sa mga pagkakataon ng masamang pakikitungo sa bata na inilalahad dito, at, hangat maaari, para sa pagkakasangkot panghukuman.

### Artikulo 20

1. Ang isang batang pansamantala o palagiang pinagkakaitan ng kanyang kapaligirang pampamilya o sa sinumang may sarili ang pinakamabuting kapakanan para sa kanya ay nararapat na tumanggap ng natatanging pangangalaga at tulong na laan ng Estado.

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

**Proteksyon sa Pang-aabuso at Kapabayaan**

*Dapat proteksiyunan ng Estado ang mga bata laban sa lahat ng anyo ng abusong pisikal at mental, kapabayaan o pagsasamantalang nakasasama sa kanilang kapakanan na dulot ng mga magulang o nang sinuman. Maglalaan ang Estado ng kaukulang programa para mapigil ang naturang pang-aabuso at upang mapanumbalik ang kalusugan ng biktima.*

**Proteksyon sa Batang walang Pamilya**

*Ang Estado ay may obligasyong bigyan ng bukod tanging proteksyon ang lahat ng batang pinagkakaitan o walang kapaligirang pampamilya. Obligado ang*

2. Kailangang tiyakin ng mga Estadong Panig, alinsunod sa kanilang mga pambansang batas, ang iba't ibang pagkalinga sa gayong bata.

3. Ang gayong pagkalinga ay kabibilangan, *inter alia*, ng paghahanap ng mag-aampon, *kafalah* ng batas Islamic, pag-aampon o, kung kinakailangan, paglalagay sa mga naaangkop na mga institusyon para sa pagkalinga ng mga bata. Kung nagsasaalang-alang ng mga kalutasan, pahahalagahan ang kagustuhan sa pagpapatuloy ng pagpapalaki sa bata at sa pinagmulang etniko, panrelihiyon, pangkultura at panglinggwistikong kapaligiran ng bata.

**Artikulo 21**

Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig na kumikilala at/o sumasang-ayon sa paraan ng pag-aampon, na ang pinakamabuting kapakanan ng bata ang siyang bibigyan ng pangunahing pagsasaalang-alang at:

(a) Dapat tiyakin na ang pag-aampon ng bata ay pinapayagan lamang ng may kakayahang kapangyarihang magpasya, alinsunod sa nakasasaklaw na batas at mga pamamaraan at batay sa lahat ng mahahalaga at napagkakatiwalaang kaalaman, na ang pag-aampon ay pinapayagan dahil sa kalagayan ng bata sa kanyang mga magulang, kamag-anak at mga legal na tagapag-alaga at kaya, kung kailangan, ang mga kinauukulang tao ay nagbigay ng kanilang pasulat na pagsang-ayon sa pag-aampon batay sa gayong pagpapayo at pangangailangan.

(b) Dapat kilalanin na ang pag-aampon ng ibang bansa ay maaaring isaalang-alang bilang kapalit na kaparaanan ng pagkalinga sa bata, kung ang bata ay hindi maihahanap ng isang mag-aampon o mag-aampong pamilya o sa anumang nararapat na pamamaraan, hindi makakalinga ng bansang pinagmulan ng bata

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

*Estado na madulutan ng pansamantalang pangangailangang pampamilya, tulad ng paghahanap ng aampon, alternatibong pangangalagang pampamilya, o paglalagay sa bahay ampunan kung saan maaari ring ipagpatuloy ang paglinang sa pinagmulang etniko, relihiyon, kultura at linggwistikong kapaligiran ng bata*

**Pag-aampon**

*Sa mga bansang kinikilala o pinapayagan ang pag-aampon, maaari itong isagawa para sa kapakanan ng bata at maaari lamang kung ipatutupad ng may kakayahang kapangyarihan o kalipunan.*

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

(c) Dapat tiyakin na ang batang tinutukoy sa pag-aampon ng ibang bansa ay madudulutan ng mga pag-iingat at mga pamantayang katumbas doon sa umiiral sa pangyayari ng pambansang pag-aampon.

(d) Dapat isagawa ang lahat ng nararapat na mga hakbang upang tiyakin na, sa pag-aampon ng ibang bansa, ang paghahanap ng mag-aampon ay hindi magbubunga ng di-wastong pagkakakitaan ng salapi para roon sa mga kinauukulan;

(e) Dapat palaganapin, kung nararapat, ang mga layunin ng kasalukynag artikulo sa pagkakaroon ng dalawahan o maramihang pag-aayos o kasunduan, at pagsikapan, sa loob nitong balangkas, upang tiyakin na ang pagpapaampon ng bata sa ibang bansa ay ipinatutupad ng mga may kakayahang kapangyarihan o mga kalipunan.

### Artikulo 22

**Mga Batang Takas (Refugee)**

*Dapat tiyakin ng Estado ang proteksyon ng isang batang naghahanap ng kalagayan bilang isang takas o itinuturing na isang takas at makipagtulungan sa may kakayahang mga organisasyon na makapagbibigay ng proteksyon sa bata.*

1. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang mga nararapat na hakbang upang tiyakin na ang isang batang naghahanap ng kalagayan bilang isang takas o itinuturing na isang takas ayon sa nasasaklaw na pandaigdig o pamayanang batas at mga patakaran, sinamahan man o hindi ng kanyang mga magulang o ng iba pang taó, ay dapat tumanggap ng nararapat na pangangalaga at makataong tulong sa katuparan ng mga magagamit na karapatang itinadhana sa kasalukuyang Kombensyon at sa ibang pandaigdig na mga karapatang pantao o mga makataong instrumento sa kinapapanigan ng mga nabanggit na bansa.

2. Sa layuning ito, Dapat paglaanan ng mga Estadong Panig, kung ipinalalagay na nararapat, ang pakikipagtulungan sa anumang pagsisikap ng mga Bansang Nagkakaisa at iba pang may kakayahang organisasyon ng mga pamahalaan o mga organisasyong di-pampamahalaan na nakikipagtulungan sa mga Bansang Nagkakaisa upang mapangalagaan at matulungan ang gayong bata at matunton ang mga magulang o ibang mga kamag-anak ng sinumang takas na bata, nang sa gayon ay magtamo ng

Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

kailangang impormasyon para sa muling pagkakabuklod sa kanyang pamilya. Kung sakaling walang matuntong mga magulang o iba pang kamag-anakan, ang bata ay paglalaanan ng pangangalaga na tulad din sa ibang bata na palagian o pansamantalang pinagkakaitan ng kanyang kapaligirang pampamilya sa anumang kadahilanan, na itinakda ng kasalukuyang Kombensyon.

**Artikulo 23**

**Mga Batang May Kapansanan**

*Kailangang bigyan ng natatanging kalinga ang isang batang may kapansanan, bigyan ng sapat na edukasyon at pagsasanay upang makatulong sa kanyang paglaki at pag-unlad at mga pagkakataon sa paglilibang sa anumang mabuting kaparaanan sa pagtatamo ng bata ng ganap na pakikihalubilo sa lipunan at pagpapaunlad sa sarili, pati sa kanyang kaunlarang pangkultura at espiritwal.*

1. Dapat kilalanin ng Estadong Panig na ang isang batang may kapansanang mental o pisikal ay kailangang magtamasa ng lubos at maayos na pamumuhay, mga kalagayang tiliyak ng karangalan, magtataguyod ng pagsasarili at magpapadali sa masiglang pakikilahok ng bata sa pamayanan.

2. Dapat kilalanin ng Estadong Panig ang karapatan ng batang may kapansanan sa natatanging kalinga at dapat hikayatin at tiyakin ang pagbibigay-tulong, kung may pagkukunan, sa mga karapat-dapat at doon sa mga may pananagutan sa pangangalaga sa kanya, na ipaaalam ang paghingi ng tulong at iyon ay nararapat sa kalagayan ng bata at sa mga katayuaan ng mga magulang o ibang nangangalaga sa bata.

3. Sa pagkilala sa mga natatanging pangangailangan ng isang batang may kapansanan, ang pagbibigay-tulong na alinsunod sa talata 2 ng kasalukuyang artikulo ay ilalaan nang walang bayad, hanggat maaari, na isinaalang-alang ang pagkukunan ng salapi ng mga magulang o ibang nangangalaga sa bata, at ipaplano upang matiyak na ang batang may kapansanan ay may mabisang karapatan at magtatamo ng edukasyon, pagsasanay, mga paglilingkod sa pangangalagang pangkalusugan, mga paglilingkod sa pagpapanumbalik ng kalusugan, paghahanda sa pamamasukan at mga pagkakataon sa paglilibang sa anumang mabuting kaparaanan sa pagtatamo ng bata ng ganap na pakikihalubilo sa lipunan at pagpapaunlad sa sarili, pati sa kanyang kaunlarang pangkultura at espiritwal.

4. Dapat palaganapin ng mga Estadong Panig ang diwa ng pandaigdig na pagtutulungan, pagpapalitan ng nararapat na impormasyon sa larangan ng pangangalaga sa kalusugan at sa panggagamot medikal, sikolohiko at pagganap ng mga batang may kapansanan, pati

pagpapalaganap at pagtatamo ng impormasyong nahihinggil; sa pamamaraan ng pagpapanumbalik ng kalusugan, edukasyon at mga gawaing panghanapbuhay, na naglalayong mapabuti ng mga Estadong Panig ang kanilang mga kakayahan at mga kasanayan upang mapalawak ang kanilang karanasan sa larangang ito. Sa layuning ito, dapat isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga umuunlad na bansa.

### Artikulo 24

**Kalusugan at Serbisyong Pangkalusugan**

*Ang bawat bata ay may karapatan na makamit ang pinakamataas na antas ng serbisyong pangkalusugan at pangangalagang medikal. Ang Estado ay dapat maglaan ng natatanging diin sa pagbibigay ng pangunahin at maingat na pangangalagang pangkalusugan, pag-aaral ng pampublikong kalusugan at pagbabawas ng pagkamatay ng mga sanggol. Dapat tiyakin na walang batang napagkakaitan ng mahusay na serbisyong pangkalusugan.*

1. Dapat kilalanin ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata sa pagtatamo ng pinakamataas na pamantayan sa kalusugan at sa mg pasilidad sa paggagamot ng karamdaman at pagpapanumbalik ng kalusugan. Dapat sikapin ng mga Estadong Panig na matiyak na walang batang pinagkakaitan ng kanyang karapatan sa pagtatamo ng gayong mga lingkod pangkalusugan.

2. Dapat sikapin ng mga Estadong Panig ang lubusang pagpapatupad sa karapatang ito, lalo na, dapat isagawa ang nararapat na mga hakbang:

   (a) Upang mabawasan ang maraming pagkamatay ng sanggol at bata;

   (b) Upang matiyak ang paglalaan ng kinakailangang tulong medikal, pangangalagang pangkalusugan sa lahat ng mga bata, na binibigyang-diin ang pagpapaunlad sa pangunahing pangangalaga sa kalusugan;

   (c) Upang masugpo ang sakit at kakulangan ng sustansiya sa pagkain, na napapaloob sa balangkas ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan, inter alia, ng paggamit ng nakahandang teknolohiya at sa pamamagitan ng paglalaan ng hustong masusustansyang pagkain at malinis na tubig-inumin, na isinaalang-alang ang mga panganib at kapahamakan ng kapaligirang polusyon;

(d) Upang matiyak ang mga nararapat na pangangalagang pangkalususgan ng mga ina bago at pagkatapos manganak;

(e) Upang matiyak na ang lahat ng mga bahagi ng lipunan, lalo na ang mga magulang at mga bata, ay nabibigyang-impormasyon, nadudulutan ng edukasyon at natutulungan sa paggamit ng pangunahing kaalaman sa pangkalusugan at wastong pagkain ng bata, mga kapakinabangan ng pagpapasuso ng ina, personal na kalinisan at pangkapaligirang kalinisan at paghadlang sa mga sakuna;

(f) Upang mapaunlad ang pangangailangang pangkalusugan, patnubay para sa mga magulang at edukasyon at mga paglilingkod para sa pagpaplano ng pamilya.

3. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng mga mabibisa at nararapat na hakbang na natutuon sa pagtatakwil ng mga lumang kaugaliang nakasasama sa kalusugan ng mga bata.

4. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang pagtataguyod at paghihikayat ng pandaigdig na pagtutulungang nakatuon sa maunlad na pagtatamo ng lubos na katuparan ng karapatang kinikilala sa kasalukuyang artikulo. Sa bagay na ito, ang natatanging pagsasaalang-alang ay itutuon sa mga pangangailangan ng mga umuunlad na bansa.

**Artikulo 25**

Dapat kilalanin ng mga Estadong Panig ang karapatan ng isang batang nailagay na ng mga may kakayahang kapangyarihan sa mga layunin ng pagkalinga, pangangalaga o pagpapagaling sa kanyang pisikal o mental na kalusugan, sa pana-panahong pagsusuri ng panggagamot na ibinibigay sa bata sa lahat ng iba pang pagkakataon na may kaugnayan sa pagkakalagyan sa kanya.

**Palagian / /Regular na Pagsubaybay**

*Ang batang nailagak ng Estado sa kadahilanang pagkalinga, proteksyon, pangkalusugan ay nararapat na ipasailalim sa palagiang pagtatasa.*

### Artikulo 26

1. Dapat kilalanin ng mga Estadong Panig para sa bāta ang karapatang makinabang sa seguridad panlipunan, at dapt isagawa ang mga kakailanganing hakbang upang matamo ang ganap na katuparan ng karapatang ito alinsunod sa kanilang pambansang batas.

2. Ang mga benepisyo, kung naaangkop, ay ipagkakaloob na isinasaalang-alang ang mga pagkukunan at mga pagkakataon ng bata at mga taong may panangutan para sa gastusin ng bata at iba pang mga bagay-bagay na may kaugnayan sa pagpapatala upang tumanggap ng mga benepisyong ginawa ng o sa kapakanan ng bata.

### Artikulo 27

1. Dapat kilalanin ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bawat bata sa isang pamantayan ng pamumuhay na sapat sa kaunlarang pisikal, mental,espritwal, moral at panlipunan ng bata.

2. Ang magulang (mga magulang) o ibang may pananagutan sa bata ay may pangunang pananagutang pangalagaan, sa abot ng kanilang mga kakayahan at pananalapi, ang mga kalagayan ng pamumuhay na karapat-dapat para sa kaunlaran ng bata.

3. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang mga naaangkop na mga hakbang, alinsunod sa mga pambansang patakaran at sa abot ng kanilang kakayahan, na tulungan ang mga magulang at ibang may pananagutan sa bata sa pagpapatupad ng karapatang ito at dapat ilaan, kung kinakailangan, ang kagamitan at mga panaguyod, programa, lalo na sa wastong pagkain, pananamit at tirahan.

4. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng naaangkop na mga hakbang upang matiyak ang panunumbalik ng panustos sa bata mula sa mga magulang o ibang mga taong may pananagutan sa pagbibigay-sustento sa bata, sa loob man ng Estadong Panig o mula sa ibang bansa. Higit sa lahat, kung ang taong may katungkulang magbigay-sustento sa bata ay naninirahan sa isang Estado na iba kaysa kinaroroonan ng bata, ang mga Estadong Panig ay magpupunyaging magkaroon ng

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

### Segurong Panlipunan

*Ang bata ay may karapatang mabiyayaan ng segurong panlipunan, pati na rin ang panlipunang seguridad.*

### Antas ng Pamumuhay

*Ang bawat bata ay may karapatan sa antas ng pamumuhay na sapat para sa kanyang pangangatawan, pag-iisip, espiritwal, moral at sosyal na pag-unlad. Ang mga magulang ang may pangunahing pananagutan para sa katiyakan na ang bata na may sapat na antas ng pamumuhay. Dapat tiyakin ng Estado na maisakatuparan ang pananagutang ito gayon din ang pagbibigay ng tulong sa anumang uri sa mga magulang at sa mga bata.*

gayong mga pag-aayos, pati na ang paggagawa ng iba pang naaangkop na kasunduan.

**Artikulo 28**

1. Kinikilala ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata sa edukasyon at, sa pagtanaw sa maunlad na pagtatamo sa karapatang ito at batay sa pantay-pantay na pagkakataon, dapat higit sa lahat:

   (a) Gawin nilang ang edukasyong primarya na sapilitan at ipinagkakaloob sa lahat, nang walang bayad;

   (b) Hikayatin ang pagpapaunlad ng iba't ibang anyo ng edukasyong pangsekondarya, pati ang edukasyong panlahat at panghanapbuhay, ilaan at paratingin sa bawat bata, at isagawa ang mga naaangkop na hakbang tulad ng pagkakaloob nang walang bayad na edukasyon at pagbibigay na tulong sa gastos kung kinakailangan;

   (c) Gawing higit na madaling makapag-aral sa lalong mataas na edukasyon ang lahat batay sa kakayahan, sa pamamagitan ng angkop na kaparaanan;

   (d) Paratingin ang impormasyong pang-edukasyon at panghanapbuhay at patnubay sa mga bata;

   (e) Isagawa ang mga hakbang upang mahikayat ang regular na pagpasok sa mga paaralan at pagpababa ng bilang ng di pumapasok.

2. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang mga hakbang upang tiyakin ang pagpapasunod ng disiplina sa paaralan sa paraang naaayon sa makataong karangalan ng bata at naaangkop sa kasalukuyang Kombensyon.

3. Dapat itaguyod at hikayatin ng mga Estadong Panig ang pandaigdig na pagtutulungan sa mga bagay- bagay na nahihinggil sa edukasyon, lalo na sa dahilang makatutulong sa pagbabawas ng kawalang-pinag-aralan at kamangmangan sa buong mundo at upang mapadali

**Edukasyon**

*Karapatan ng isang bata ang mag-aral at tungkulin ng Estado ang tiyakin na ang edukasyong primarya ay walang bayad at sapilitan upang hikayatin ang pagpapa-unlad ng iba't ibang anyo ng edukasyong pangsekondarya, ilaan at paratingin sa bawat bata sa lahat ng ntas ng kapasidad. Tiyakin ang pagpapasunod ng disiplina sa paaralan sa paraang naaayon sa makataong karangalan ng bata. Ang Estado ay makikipagtulungan ang maisakatuparan ang karapatang ito.*

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

ang pagpapaabot kaalaman pang-agham at teknikal at makabagong pamamaraan sa pagtuturo. Sa layuning-ito, dapat isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga umuunlad na bansa

**Artikulo 29**

1. Nagkakasundo ang mga Estadong Panig na ang edukasyon ng bata ay dapat patnubayan tungo sa:

   (a) Paglinang sa katauhan, talino at kakayahang mental at pisikal sa lubos na kaganapan nito;

   (b) Paglinang ng paggalang sa mga karapatang pantao at pangunahing kalayaan, at sa mga patakarang nakatadhana sa Karta ng mga Bansang Nagkakaisa;

   (c) Paglinang ng paggalang sa mga magulang ng bata, sa kanyang sariling pagkakakilanlang pangkultura, wika at mga pagpapahalaga, para sa pambansang pagpapahalaga ng bansang tinitirahan ng bata, ng pinanggalingan niyang bansa, at para sa kabihasnang kakaiba sa kanyang sarili;

   (d) Paghahanda sa bata sa isang makabuluhang pamumuhay sa isang malayang lipunan, sa diwa ng pagkakaunawaan, kapayapaan, pagpapaubaya, pagkakapantay-pantay ng mga kasarian at pakikipagkaibigan sa lahat ng tao, etniko, mga pangkat na pambansa at panrelihiyon at mga taong katutubo;

   (e) Paglinang ng paggalang sa likas na kapaligiran.

2. Walang bahagi ng kasalukuyang artikulo o artikulo 28 ang dapat pakahulugan na makasasagabal sa kalayaan ng mga indibidwal at mga kalupunan upang magtatag at mag-utos sa mga institusyong pang-edukasyon, na laging sasailalim sa pagsasaalang-alang ng mga patakarang itinatadhana sa talata 1 ng kasalukuyang artikulo at sa mga hinihingi na ang edukasyong pinagkakaloob sa gayong mga institusyon ay sumusunod sa gayong

**Adhikain ng Edukasyon**

*Binibigyang-pansin ng Estado na ang edukasyon ay nakatuon sa pagpapaunlad ng katauhan ng bata at talino bilang paghahanda sa makabuluhang pamumuhay ng bata sa kanyang pagtanda, paglinang sa mga pangunahing karapatang pantao at paglinang sa kanyang sariling kalinangan, paniniwala at adhikain para rin sa iba.*

minimum na mga pamantayan na maaaring itakda ng Estado.

**Artikulo 30**

Sa mga Bansa na may mga minoryang etniko, relihiyon o linggwistika, ang mga taong nabibilang sa minorya ay hindi dapat pagkaitan ng karapatan sa pakikisalamuha sa ibang kasapi ng pangkat, na tamasahin ang kanilang sariling kultura, na ipahayag at isagawa ang kanilang sariling relihiyon o gamitin ang kanilang sariling wika.

**Mga Batang nabibilang sa Minorya o Katutubo**

*Ang mga bata na nabibilang sa pamayanang minorya at katutubo ay may karapatang tamasahin ang kanilang sariling kultura at isagawa ang kanilang sariling relihiyon o gamitin ang kanilang sariling wika.*

**Artikulo 31**

1. Kinikilala ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata upang magpahinga at sumali sa laro at mga gawaing paglilibang na nararapat sa gulang ng bata at malayang lumahok sa buhay na pangkalinangan at sa mga sining.

2. Dapat igalang at itaguyod ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata na lubusang makilahok sa pangkalinangan at makasining na pamumuhay at dapat hikayatin ang pagbibigay ng mga nararapat at pantay-pantay na pagkakataon para sa mga gawaing pangkalinangan, pansining at paglilibang.

**Paglilibang, Buhay na Pangkalinangan at Sining**

*Karapatan ng bata ang maglibang, maglaro at makilahok sa mga pangkalingan at pansining na gawain.*

**Artikulo 32**

1. Kinikilala ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata na mapangalagaan laban sa pagsasamantalang pangkabuhayan at sa pagganap sa anumang gawaing maaaring makapinsala o makasagabal sa edukasyon ng bata, o makasama sa kalusugan ng bata o kaunlarang pisikal, mental, espiritwal, moral o panlipunan.

2. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang mga hakbang na pambatas, pampangasiwaan, Panlipunan at pang-edukasyon upang matiyak ang pagpapatupad ng kasalukuyang artikulo. Sa layuning ito at bilang pagsasaalang-alang sa may kaugnayang mga tadhana ng ibang mga pandaigdig na instrummento, ang mga Estadong Panig ay dapat:

**Batang Manggagawa**

*Ang Estado ay may obligasyon na pangalagaan ang bata upang di mabunsod sa anumang gawain na maaaring makapinsala sa kanilang kalusugan, edukasyon o pag-unlad, maglaan ng minimum na gulang upang matanggap sa empleo at maglaan ng mga nararapat na regulasyon sa kalagayan sa empleo.*

(a) Maglaan ng minimum na gulang o mga gulang upang matanggap sa empleo;

(b) Maglaan ng nararapat na regulasyon ng mga oras at mga kalagayan sa empleo;

(c) Maglaan ng nararapat na mga multa o ibang parusa upang matiyak ang mabisang pagpapatupad ng kasalukuyang artikulo.

### Artikulo 33

**Abuso sa Ipinagbabawal na Gamot**

*Karapatan ng bata na mapangalagaan laban sa paggamit ng bawal na gamot at sikotropikong sangkap at makaiwas sa pakikibahagi sa produksyon o pagkalat ng mga ipinagbabawal na gamot.*

Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang nararapat na mga hakbang, pati pambatas, pampangasiwaan, panlipunan at pang-edukasyon, upang pangalagaan ang mga bata sa labag sa batas na paggamit ng mga ipinagbabawal na gamot at mga sikotropikong sangkap na binigyang-katuturan sa may kaugnayang pandaigdig na mga kasunduan, at upang mapigil ang paggamit sa mga bata ng labag sa batas na produksyon at pangangalakal ng gayong mga sangkap.

### Artikulo 34

**Sekswal na Pagsasamantala**

*Karapatan ng bata na mapangalagaan laban sa mga sekswal na pagsasamantala at sekswal na pagmamalabis kabilang ang prostitusyon at pornograpiya.*

Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang pangangalaga sa bata sa lahat ng anyo ng sekswal na pagsasamantala at sekswal sa pagmamalabis. Sa mga layuning ito, dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng nararapat na hakbang pambansa, bilateral at multilateral upang mahadlangan:

(a) Ang panghihikayat pamimilit sa bata upang mabunsod sa anumang labag sa batas na gawaing sekswal;

(b) Ang pagsasamantala sa mga bata sa prostitusyon o iba pang labag sa batas na mga gawaing sekswal.

(c) Ang pagsasamantala sa mga bata sa mga pagganap at mga kagamitang pornograpiko.

## Artikulo 35

Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng nararapat na hakbang pambansa, bilateral at multilateral upang mahadlangan ang pagdukot, pagbebenta, _ o pangangalakal sa mga bata sa anumang layunin o anyo.

## Artikulo 36

Dapat pangalagaan ng mga Estadong Panig ang bata laban sa lahat ng uri ng pagsasamantala na makasasama sa anumang aspeto ng kapakanan ng bata.

## Artikulo 37

Dapat tiyakin ng mga Estadong Panig na:

(a) Walang batang sasailalim ng labis na pagpapaihirap o iba pang pagmamalupit, di-makatao o mababang pakikitungo o parusa. Hindi maaaring ipataw ang kamatayan ni habambuhay na pagkabilanggo nang walang pag-asang makalaya sa mga pagkakasalang nagawa ng mga taong wala pa sa labing walong taong gulang.

(b) Walang batang pagkakaitan ng kanyang kalayaan nang labag sa batas o di makatwiran. Ang pagdakip, detensyon o pagbilanggo sa bata ay dapat umalinsunod sa batas at dapat gamitin lamang bilang panghuling hakbang at para sa pinakamaikling nararapat na takdang panahon.

(c) Ang bawat bata na pinagkakaitan ng kalayaan ay pakikitunguhan nang makatao at may paggalang sa likas na karangalan ng pagkatao, at sa paraang isasaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga taong kasinggulang niya. Higit sa lahat, ang bawat batang pinagkakaitan ng kalayaan ay ihihiwalay sa mga may sapat na gulang maliban lamang kung para sa kabutihan ng bata ang hindi gawin ito at, dapat magkaroon ng karapatan upang mapanatili ang pakikipagtalastasan sa kanyang

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

### Pagbebenta, Pangangalakal at Pagdukot

*Ang Estado ay may obligasyon na gumawa ng nararapat na aksyon upang maiwasan ang pagbebenta, pangangalakal at pagdukot sa mga bata.*

### Iba pang Uri ng Pagsasamantala

*Karapatan ng bata ang maproteksyonan laban sa anumang uri ng pagsasamantala na hindi kasama sa artikulo 32,33,34 at 35*

### Pagpapahirap at Pagkakait ng Kalayaan

*Walang sinumang bata ang dapat sumailalim sa anumang pagpapahirap o iba pang pagmamalupit o parusa, di makatarungang pagdakip o pagkakait ng kalayaan bilang bata. Kailangan ang wastong pagtrato, paghiwalay sa sapat na gulang, karapatan upang mapanatili ang pakikipagtalastasan sa kanyang pamilya at madaling paglalaan ng legal o iba pang angkop na tulong.*

pamilya sa pamamagitan ng korespondensya at mga dalaw, maliban sa di pangkaraniwang mga kalagayan;

(d) Ang bawat batang pinagkakaitan ng kanyang kalayaan ay dapat magkaroon ng karapatan sa madaling paglalaan ng legal o iba pang naaangkop na tulong, gayon din ang karapatang hangarin ang legalidad ng pagkakait sa kanyang kalayaan sa harap ng isang hukuman o iba pang may kakayahan, malaya at walang kinikilingang kapangyarihan, at sa isang madaling pasya sa anumang gayong aksyon.

### Artikulo 38

1. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig na igalang at tiyakin ang paggalang sa mga tuntunin ng pandaigdig na makataong batas na maaaring magamit nila sa mga armadong labanan na may mahalagang kaugnayan sa bata.

2. Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang lahat ng hakbang upang matiyak na ang mga taong hindi pa umaabot sa labinlimang taong gulang ay di-tuwirang makikisangkot sa mga labanan.

3. Dapat iwasan ng mga Estadong Panig ang pangangalap ng tao na hindi pa umaabot sa labinlimang taong gulang para sumanib sa kanilang sandatahang lakas. Dapat pagsikapan ng mga Estadong Panig na sa pangangalap ng mga tao, dapat unahin yaong umabot na sa labingwalong taong gulang at ihuli ang mga labinlimang taong gulang lamang.

4. Alinsunod sa kanilang mga pananagutang nasasailalim ng pandaigdig na makataong batas na pangalagaan ang populasyong sibilyan sa armadong labanan, dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang mga maaaring hakbang upang matiyak ang pangangalaga at pagkalinga sa mga batang nadadamay sa armadong labanan.

### Armadong Labanan

*Obligasyon ng Estado na igalang at tiyakin ang paggalang sa mga tuntunin ng makataong batas na may mahalagang kaugnayan sa bata. Walang batang bababa sa labinglimang taon ang maaaring masangkot sa mga labanan at tiyakin ang lahat ng kaukulang pangangalaga sa mga batang nasangkot o nadamay sa armadong labanan.*

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

### Artikulo 39

Dapat isagawa ng mga Estadong Panig ang nararapat na mga hakbang upang itaguyod ang panunumbalik ng kalusugang pisikal at sikolohikal at pakikisalamuha sa lipunan ng batang biktima ng: anumang uiri ng kapabayaan, pagsasamantala, o paminilit; labis na pagpapahirap o anumang uri ng pagmamalabis, di - makatao o mababang pakikitungo o kaparusahan; o mga armadong labanan. Ang gayong panunumbalik ng kalusugan at pakikisalamuha ay dapat mangyari sa isang kapaligirang magpapabuti sa kalusugan, paggalang sa sarili at karangalan ng bata.

**Natatanging Kalinga**

*May obligasyon ang Estado na magsagawa ng hakbang upang ang mga batang biktima ng armadong digmaan, tortyur, pagpapabaya, pagmamalupit, paggagamit at pagsasamantala ay mabigyan ng natatanging kalinga at karampatang lunas at/o gamot para sa kanilang mabilis na paggaling at muling panunumbalik sa lipunan.*

### Artikulo 40

1. Kinikilala ng mga Estadong Panig ang karapatan ng bata na pinagbibintangan na nasasakdal sa, o nakikilalang lumabag sa ipinag-uutos ng batas, na pakikitunguhan sa paraang naaayon sa pagtataguyod ng karangalan at kahalagahan ng bata, na nagpapatatag sa paggalang ng bata sa mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan ng iba na isinasaalang-alang ang gulang ng bata at ang naising itaguyod ang muling pakikisalamuha at pagkakaroon ng bata ng isang makabuluhang gampanin sa lipunan.

2. Sa layuning ito, at sa pagsasaalang-alang sa may kaugnayang tadhana ng pandaigdig na mga instrumento, ang mga Estadong Panig, higit sa lahat, ay dapat tiyakin na:

   (a) Walang batang dapat paghinalaan na ipagsasakdal ng, o kikilalanin ma lumabag sa ipinagbabawal ng batas dahilan sa gawa o pagwawalang-bahala na hindi ipinagbabawal ng pambansa o pandaigdig na batas sa panahong ginawa iyon.

   (b) Ang bawat bata na pinaghihinalaan ng o nasasakdal sa paglabag sa ipinatutupad ng batas ay may mga garantiya, gaya ng mga sumusunod:

   (i) Ituturing na walang sala hanggat di-napapatutunayang nagkasala ayon sa batas;

**Pangangasiwa ng Hustisyang Pambata**

*Ang isang batang nakahabla sa hukuman (sa anumang pagkakasala, paghihinalang pagkakasala) ay may karapatang tratuhin sa paraang kumukilala sa kanyang dignidad at halaga bilang bata.*

(ii) Daglian at tuwirang ipababatid ang mga sakdal laban sa kanya'at, kung nararapat, sa pamamagitan ng kanyang mga magulang o mga legal na tagapag-alaga, at magkakaroon ng legal at iba pang nararapat na tulong sa paghahanda at paghaharap sa kanyang depensa;
(iii) Pagpasyahan agad ang bagay-bagay ng isang may kakayahan, malaya at walang kinikilingang kapangyarihan o panghukumang kalupunan sa isang malinis na paglilitis alinsunod sa batas, sa harap ng legal o iba pang naaangkop na tulong at, maliban kung ito ay ipinalalagay na hindi sa mabuting kapakanan ng bata, higit sa lahat, na isasaalang-alang ang kanilang gulang o kalagayan, ang kanilang mga magulang o legal na tagapag-alaga;
(iv) Hindi pipiliting tumestigo o tanggapin ang kasalanan, siyasatin o masiyasat ang mga saksi laban sa kanya at matamo ang paglahok at pagsisiyasat sa mg saksi sa kapakanan niya sa ilalim ng mga kalagayan ng pagkakapantay-pantay;
(v) Kung ipinalalagay na lumabag sa ipinag-uutos ng batas, na ang anumang pasiya at hakbang na ipinataw bunga niyon ay dapat suriin ng isang nakatataas na may kakayahan, malaya at walang-kinikilingang kapangyarihan o lupong pang-hukuman alinsunod sa batas;
(vi) Magkaroon ng walang bayad na tulong ng isang interpreter kung hindi maunawaan o makapagsalita ng wikang ginagamit ng bata;
(vii) Lubos na igalang ang kanyang pag-iisa sa lahat ng mga yugto ng paglilitis.

3. Dapat sikapin ng mga Estadong Panig na itaguyod ang pagtatatag ng mga batas, mga pamamaraan, mga maykapangyarihan at mga institusyong tanging magagamit ng mga batang pinagbibintangan, nasasakdal o kinikilalang lumabag sa ipinag-uutos ng batas, at higit sa lahat:

(a) Ang pagtatatag ng isang minimum na gulang na ang mga bata ay ipinapalagay na walang kakayahang lumabag sa ipinag-uutos ng batas;

(b) Dapat maglaan, kailanma't nararapat at naisin, ng mga hakbang sa pakikitungo sa gayong mga bata na hindi na hahantong sa kaparaanang panghukuman sa pasubali na

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

*Dapat ay isaalang-alang ang edad at maglayong maibalik ang bata sa lipunan. Ang batang nasasakdal o pinaghihinalaang lumabag sa batas ay dapat na may payak at matibay na garantiya sa kanyang mga legal na karapatan at iba pang uri ng tulong na kanyang kinakailangan sa pagdedepensa ng kanyang kaso. Ang paglilitis at pagkukulong hanggat maaari ay dapat maiwasan*

igagalang nang lubusan ang mga karapatang pantao at pangangalagang legal.

4. Iba-ibang pagsasaayos, tulad ng pagkalinga, pamamatnubay at pamamahalang kautusan,pagpapayo, proteksyon, pag-aalaga ng tagapag-ampon, edukasyon at mga programa sa pagsasanay panghanapbuhay at iba pang mga kapalit sa pangangalagang institusyonal ay dapat ipaabot upang matiyak na ang mga bata ay pinakikitunguhan sa paraang nararapat sa kanilang kagalingan at katumbas kapwa ng mga pangyayari at pagkakasala.

**Artikulo 41**

Walang anuman sa kasalukuyang Kombensyon ang makakaapekto sa anumang tadhanang makatutulong sa katuparan ng mga karapatan ng bata at maaaring matatagpuan sa;

(a) Batas ng isang Estadong Panig, o;

(b) Pandaigdig na Batas na umiiral sa Estadong iyon.

## IKALAWANG BAHAGI

**Artikulo 42**

Isasagawa ng mga Estadong Panig ang malawakang pagpapalaganap ng mga patakaran at mga tadhana ng Kombensyon sa naaangkop at masisiglang mga paraan, kapuwa sa mga may sapat na gulang at mga bata.

**Artikulo 43**

1. Para sa layuning pagsusuri ng kaunlarang nagawa ng mga Estadong Panig sa pagkakamit ng katuparan ng mga pananagutang ginampanan sa kasalukuyang Kombensyon, itinatatag ang Komite sa mga Karapatan ng Bata, na tutupad ng mga gampaning isinasaad dito.

Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

**Pagkilala sa Mas Nakatataas na Antas ng Probisyon**

*Kung saan mayroong nakatalagang probisyon, pambansa man o pandaigdigan, at higit itong nakatutugon kaysa sa Kombensyon, ang mga probisyong ito ang siyang susundin.*

**Pagpapalaganap at Pagpapatupad**

*Ang mga probisyong nakapaloob sa artikulo 42 hanggang 54 ay nagpapahiwatig ng mga sumusunod:*

*i Ang obligasyon ng Estado upang ang mga karapatang nasa Kombensyon ay malaman ng lahat, matanda man o bata*

*ii Ang pagbubuo ng Komite ng Karapatang Pambata na kabibilangan ng sampung dalubhasa, na silang nagsasaalang-alang sa mga ulat na isinusunite ng mga lumagdang estado, dalawang taon matapos na kanila itong ratipikahan o lagdaan ng pagsang-ayon,*

2. Ang Komite ay binubuo ng sampung mga dalubhasa na may mataas na moral at kilalang may kakayahan sa larangang saklaw ng Kombensyong ito. Ang mga kagawad ng Komite ay ihahalal ng mga Estadong Panig mula sa kanilang mga mamamayan at maglilingkod ayon sa kanilang pansariling kakayahan, na isinasaalang-alang ang pantay-pantay na pamamahagi sa mga bansa, at sa pangunahing sistemang pambatas.

3. Ang kagawad ng Komite ay ihahalal nang lihim na mula sa talaan ng mga taong iminungkahi ng mga Estadong Panig. Ang bawat Estadong Panig ay maaring magmungkahi ng isang tao mula sa kanyang sariling mga mamamayan.

4. Ang unang halalan sa Komite ay gaganapin nang hindi lalampas sa anim na buwan pagkaraan ng petsa ng pagpapairal ng kasalukuyang Kombensyon at tuwing ikalawang taon pagkaraan niyon. Di-lalampas sa apat na buwan bago dumating sa petsa ng bawat halalan, ang Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa ay magpapadala ng liham sa nga Estadong Panig na humihiling na magharap ng kanilang mga mungkahi sa loob ng dalawang buwan. Ang Kalihim Panlahat ay maghahanda ng isang talaang paalpabeto ng mga taong iminungkahi, na isinasaad ang mga Estadong Panig na nagmungkahi, sa kanila, at ihaharap sa mga Estadong Panig sa kasalukuyang Kombensyon.

5. Ang halalan ay gaganapin sa mga pagpupulong ng mga Estadong Panig na tinawag ng Kalihim Panlahat sa Punong-tanggapan ng mga Bansang Nagkakaisa. Sa mga pagpupulong na iyon, na dalawang-katlo ng mga Estadong Panig ang bumubuo ng korum, ang mga taong nahalal sa Komite ay yaong makakakuha ng pinakamaraming bilang ng boto at isang lubos na nakararami ng mga boto ng mga kinatawan ng mga Estadong Panig na naroroon at bumoboto.

6. Ang mga kagawad ng Komite ay ihahalal para sa takdang apat na taon: Sila ay maaring ihalal na muli kung muling imumungkahi. Ang panunungkulan ng lima sa mga kagawad na nahalal sa unang halalan ay magtatapos sa katapusan ng dalawang taon, kagyat pagkatapos ng unang halalan, ang mga pangalan ng limang kagawad na ito ay pipiliin nang palabunutan ng Tagapangulo ng pulong.

## Salinwika ng Di Opisyal na Buod ng CRC

*at tuwing ika-limang taon sa mga susunod na pag-uulat. Ang Kumbensyon ay ituturing na napagtibayan na at ang Komite ay dapat nang mabuo sa oras na may dalawampu (20) nang bansa ang rumatipika/ lumagda ng pagsang-ayon.*

*iii Ang mga Estado ay may obligasyong ipalaganap ang gawing bukas sa lahat ang kanilang mga ulat sa kanilang mga bansa.*

*iv Ang Komite ay maaaring magpanukalang magsagawa ng mga tanging pag-aaral ukol sa mga piling isyu na may kinalaman sa karapatang pambata; at maaari ring ipaalam sa Estadong Panig ang kanyang ebalwasyon hinggil sa pag-aaral na ito, at sa Kalihim Panlahat ng mga Nagkakaisang Bansa.*

*v Upang masusugan ang epektibong pagpapatupad ng Kombensyon, mapayabong ang pagtutulungang pandaigdigan; ang mga natatanging ahensiya ng mga Nagkakaisang Bansa (gaya ng ILO, WHO, at UNESCO) pati ang UNICEF ay maaaring dumalo at umupo sa mga pagpupulong ng Komite. Kasama ang iba pang lupon na kinikilalang "may kakayahan", tulad ng mga NGO na may ugnayan sa UN at iba pang sangay ng UN tulad ng UNHCR; maaari silang mag-sumite ng mga pertinenteng impormasyon sa Komite at mahilingan ng payo't opinyon tungkol sa sukdulang pagpapatupad ng Kombensyon.*

7. Kung ang kagawad ng Komite ay mamamatay o magbibitiw sa tungkulin o magpapahayag na sa anumang iba pang kadahilanan siya ay hindi na makagaganap sa mga tungkulin ng Komite, ang Estadong Panig na nagmungkahi sa kagawad ay hihirang ng ibang dalubhasa mula sa mga mamamayan nito upang maglingkod sa di natapos na takdang panunungkulan, na sasailalim ng pagpapatibay ng Komite.

8. Ang Komite ay magtatatag ng kanyang sariling mga tuntunin ng pamamaraan.

9. Ang Komite ay maghahalal ng kanyang mga pinuno sa takdang dalawang taon.

10. Ang mga pagpupulong ng Komite ay karaniwang gaganapin sa Punong-tanggapan ng mga Bansang Nagkakaisa o sa iba pang maayos na lugar na pipiliin ng Komite. Ang Komite ay karaniwang magpupulong minsan isang taon. Ang tagal ng mga pagpupulong ng Komite ay pagpapasiyahan at susuriin, kung kinakailangan, ng isang pagpupulong ng mga Estadong Panig ng kasalukuyang Kombensyon, na sasailalim ng pagpapatibay ng Pangkalahatang Asemblea.

11. Ang Kalihim Panlahat ng mga Estadong Panig ay maglalaan ng kakailanganing tauhan at mga pasilidad para sa mabisang pagtupad sa mga gampanin ng Komite sa ilalim ng kasalukuyang Kombensyon.

12. Sa pagpapatibay ng Pangkalahatang Asemblea, ang mga kasapi ng Komite na itinatag sa ilalim ng kasalukuyang Kombensyon ay tatanggap ng kabayaran mula sa mga pinagkukunan ng mga Bansang Nagkakaisa alinsunod sa mga tadhana at kondisyong pagpapasyahan ng Asemblea.

**Artikulo 44**

1. Sisikapin ng mga Estadong Panig na, sa pamamagitan ng Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa, magharap ng mga ulat ukol sa mga hakbang na kanilang isinagawa sa pagpapairal ng mga karapatang kinikilala rito at sa kaunlarang nagawa sa pagtatamasa ng mga karapatang iyon:

(a) Sa loob ng dalawang taon mula nang ipairal ang Kombensyon ng kinauukulang Estadong Panig;

(b) Pagkaraan nito tuwing ikalimang taon.

2. Ang mga ulat na ginawa sa ilalim ng kasalukuyang artikulo ay magpapahayag ng mga salik at mga balakid, kung mayroon man, na nakasasagabal sa antas ng katuparan ng mga pananagutan sa ilalim ng kasalukuyang Kombensyon. Ang mga ulat ay dapat magtaglay ng sapat na impormasyon upang makapagbigay sa Komite ng isang malawakang kaalaman sa pagpapatupad ng Kombensyon sa kinauukulang bansa.

3. Ang isang Estadong Panig na nakapagharap ng isang malawakang unang ulat sa Komite ay hindi na kailangan, sa kanyang mga sumusunod na mga ulat na iniharap alinsunod sa talata 1 (b) ng kasalukuyang artikulo, na ulitin ang pangunahing impormasyon na naibigay na.

4. Ang Komite ay maaaring humiling sa mga Estadong Panig ng karagdagang impormasyon na may kaugnayan sa pagpapatupad ng Kombensyon.

5 Ang Komite ay maghaharap sa Pangkalahatang Asemblea, sa pamamagitan ng Sanggunian sa Pangkabuhayan at Panlipunan, ng ulat ukol sa mga gawain nito tuwing ikalawang taon.

6. Malawakang ipalalaganap ng mga Estadong Panig ang kanilang ulat sa mga tao sa kani-kanilang sariling mga bansa.

## Artikulo 45

Upang maitaguyod ang mabisang pagpapatupad ng Kombensyon at upang mahikayat ang pandaigdig na pagtutulungan sa larangang saklaw ng Kombensyon:

(a) Ang mga natatanging ahensiya, ang Laang-gugulin sa mga Bata ng mga Bansang Nagkakaisa, at iba pang kalupunan ng mga Bansang Nagkakaisa, ay may karapatan sa kinatawan sa pagsasaalang-alang ng pagpapatupad ng gayong mga tadhana ng kasalukuyang Kombensyon na saklaw

ng kanilang tungkulin. Ang Komite ay maaaring mag-anyaya sa mga natatanging ahensiya, ang Laang-gugulin sa mga Bata ng mga Bansang Nagkakaisa at iba pang may kakayahang kalupunan sa maaaring isaalang-alang na nararapat na magbigay sa dalubhasang payo sa pagpapatupad ng Kombensyon sa mga larangang saklaw ng kani-kanilang mga tungkulin. Ang Komite ay maaaring mag-anyaya sa mga natatanging ahensiya, ang Laang-gugulin sa mga Bata ng mga Bansang Nagkakaisa, at iba pang kalupunan ng mga Bansang Nagkakaisa upang magharap ng mga ulat sa pagpapatupad ng Kombensyon sa mga larangang saklaw ng kanilang mga gawain;

(b) Ang Komite ay magpapadala kung inaakalang nararapat, sa mga natatanging ahensiya, ang Laang-gugulin sa mga Bata ng mga Bansang Nagkakaisa at iba pang may kakayahang kalupunan, ng anumang mga ulat mula sa mga Estadong Panig na naglalaman ng isang kahilingan, o nagpapahayag ng isang pangangailangan, ng payo o tulong na teknikal batay sa mga pagmamasid at mga mungkahi ng Komite, kung mayroon man, sa mga kahilingan o mga pagpapahayag na ito;

(c) Ang Komite ay maaaring magtagubilin sa Pangkalahatang Asemblea upang Humiling sa Kalihim Panlahat na magsagawa sa kanyang kapakanan ng pag-aaral sa mga natatanging paksa na nahihinggil sa karapatan ng bata;

(d) Ang Komite ay maaaring gumawa ng mga mungkahi at pangkalahatang tagubilin na batay sa impormasyong natanggap sang-ayon sa mga artikulo 44 at 45 ng kasalukuyang Kombensyon. Ang mga gayong mungkahi at mga pangkalahatang tagubilin ay ipadadala sa alinmang kinauukulang Estadong Panig at iuulat sa Pangkalahatang Asemblea, na kasama ang mga puna, kung mayroon man, mula sa mga Estadong Panig.

## KATLONG BAHAGI

**Artikulo 46**

Ang kasalukuyang Kombemsyon ay bukas para sa lagda ng lahat ng Estado.

**Artikulo 47**

Ang kasalukuyang Kombensyon ay sasailalim ng pagpapatibay. Ang mga instrumento ng pagpapatibay ay ilalagak sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa.

**Artikulo 48**

Ang kasalukuyang Kombensyon ay mananatiling bukas para sa pagsapi ng alinmang Bansa. Ang mga instrumento sa pagsang-ayon ay ilalagak sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa.

**Artikulo 49**

1. Ang kasalukuyang Kombensyon ay magsisimulang umiral pagkaraan ng tatlumpung araw kasunod ng petsa ng pagkalagak sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa ng ikadalawanpung instrumento ng pagpapatibay o pagsang-ayon.

2. Para sa bawat Estado na nagpapatibay o sumasang-ayon sa Kombensyon pagkatapos mailagak ang ikadalawampung instrumento ng pagpapatibay o pangsang-ayon, ang Kombensyon ay magsisimulang umiral sa ikatatlumpung araw pagkatapos ng pagkalagak ng gayong Estado ng kanyang instrumento ng pagpapatibay o pagsang-ayon.

**Artikulo 50**

1. Ang alinmang Estadong Panig ay maaaring magmungkahi ng susog at ito'y ihaharap sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa. Ang Kalihim Panlahat ay makikipagtalastasan sa mga Estadong Panig tungkol sa iminumungkahing susog, na kasama ang isang kahilingan kung sila ay sumasang-ayon sa isang pagpupulong ng mga Estadong Panig sa layunin ng pagsasaalang-alang at pagbotohan ang mga mungkahi. Sa pagkakataon na, sa loob ng apat na buwan mula sa araw ng gayong patalastas, na isang ikatlo man lamang ng mga Panig na bansa ang sumasang-ayon sa gayong pagpupulong, tatawag ang Kalihim Panlahat ng pagpupulong sa ilalaim ng pamamahala ng mga Bansang Nagkakaisa.

   Anumang susog na pagtitibayin ng nakararami ng mga Estadong Panig na naroroon at bumoboto sa kapulungan ay ihaharap sa Pangkalahatang Asemblea upang pagtibayin.

2. Ang susog na pinagtibay sang-ayon sa talatal ng kasalukuyang artikulo ay magsisimulang umiral pagkatapos na ito'y pagtibayin ng Pangkalahatang Asemblea ng mga Bansang Nagkakaisa at sinang-ayunan ng dalawang-katlo ng nakararami sa mga Estadong Panig.

3. Kung ang susog ay magsisimulang pairalin, ito ay nagkakaroon ng bisa para roon sa mga Estadong Panig na sumang-ayon dito, ang iba pang Estadong Panig ay mananatiling saklaw ng mga tadhana ng kasalukuyang Kombensyon at anumang mga naunang susog na kanilang sinang-ayunan.

**Artikulo 51**

1. Ang Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa ay tatanggap at ipakakalat sa lahat ng mga Estado ang nilalaman ng mga reserbasyong isinagawa ng mga Estado sa panahon ng pagpapatibay o pagsang-ayon.

2. Ang isang reserbasyong di-naaayon sa kabuuan at layunin ng kasalukuyang Kombensyon ay hindi pahihintulutan.

3. Ang mga reserbasyon ay maaaring bawiin sa anumang panahon sa pamamagitan ng pagpapabatid sa layuning iyon sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa, na siyang magpapabatid sa lahat ng mga Estado. Ang gayong pagpapabatid ay nagkakaroon ng bisa sa araw na ito'y natanggap ng Kalihim Panlahat.

## Artikulo 52

Ang isang Estadong Panig ay maaaring tumiwalag sa kasalukuyang Kombensyon sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa. Ang pagtiwalag ay magkakaroon ng bisa pagkaraan ng isang taon makaraan ang araw na natanggap ang patalastas ng Kalihim Panlahat.

## Artikulo 53

Ang Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa ay itinatalagang lagakan ng kasalukuyang Kombensyon.

## Artikulo 54

Ang orihinal ng kasalukuyang Kombensyon, na magkatumbas na pinatunayan ang tekstong Pranses, Ruso at Kastila ay ilalagak sa Kalihim Panlahat ng mga Bansang Nagkakaisa. Bilang katunayan nito, ang mga nakalagdang plenipotensyaryo, na may ganap na kapangyarihan ng kani-kanilang Pamahalaan, ay nagsilagda sa kasalukuyang Kombensyon